

1

Mula high school, pinangarap nang maging artista ni Rianne Jade Pereira. Panay ang panonood niya ng telebisyon at pagsubaybay sa kung anu-anong teleserye. Inoobserbahan niya kung paano umarte ang mga batikang aktor. Bago matulog ay nagmonologue pa siya sa harap ng salamin. Kunwari ay may kaeksena siya at saka niya gagayahin ang mga napanood niya sa TV drama. Kadalasan ay iniiba niya ang eksena at ginagawa iyong mas madrama pa.

Nais niyang mahasa sa iba't ibang pamamaraan ng epektibong pag-iyak. Sumali siya sa teatro sa eskwelahan nila, kahit noong tumuntong na siya sa kolehiyo. Iyon nga lang, walang kinalaman sa pagarte ang kursong kinuha niya.

Pangarap ng mga magulang niyang magkaroon ng isang anak na teacher. At dahil nag-iisang anak lang siya nina Mary Jane at Ryan Paul Pereira, minabuti na lamang niyang pagbigyan ang mga ito. Ngunit sa simula pa lang din ay ipinaalam na niya sa mga ito na pagkatapos niyang mag-aral ay talagang magsisimula na siyang mag-audition upang maging artista. Napapayag naman niya ang mga ito sa awa ng

Diyos. Masaya na raw ang mga ito na makapagtapos siya at masigurong may trabaho siya sakali mang hindi siya palarin sa pag-aartista.

“Yes!” Galak na galak na hiyaw ni Jade sabay mahigpit na niyakap si Conrad.

Si Conrad Peralta ay kababata niya at matalik na kaibigan. Magkapit-bahay sila at pareho rin sila ng pinasukang paaralan kaya hindi na nakapagtataakang naging malapit sila sa isa’t isa.

Lumipat ng tirahan si Conrad noong third year college na sila. Sa America na kasi nanirahan ang mga magulang nito kasama ang nag-iisa nitong kapatid na babae. Napapayag nito ang mga magulang na magpaiwan sa Pilipinas at dito na lamang tapusin ang pag-aaral. Simple lang kasi talaga ang pamumuhay na nais ni Conrad at mas gusto nito sa Pilipinas.

Noong graduation nila ay nagbakasyon na lamang ito sa Amerika at nang bumalik ay sumabak naman sa pag-re-review para sa Architect Licensure Exam nito.

“Jade naman, di na ako makahinga o. Pakawalan mo nga muna ’ko.” Sinusubukan nitong baklasin ang mga braso niyang mahigpit na nakayapos sa leeg nito ngunit mas lalo lang iyong hinigpitan ni Jade.

“Nakuha ako sa in-audition-an ko! Magiging artista na talaga ako! Ang saya-saya ko, Radko!” tuwang-tuwang hiyaw niya habang yakap-yakap pa rin ang binata.

Radko ang tawag niya rito. Pinagdugtong na “Rad” at “ko” dahil para sa kanya, kanya lang si Conrad. Ganoon siya ka-territorial sa kanyang matalik na kaibigan. Wala namang reklamo ang binata roon na mas lalo pang ikina-spoiled ni Jade.

“Tinanggap ka nila?” tila di makapaniwala ang lalaki nang sa wakas ay pakawalan niya ito.

“Oo!” tatalon-talong sagot niya rito.

“Talaga?” Nakataas ang dalawang kilay na ulit nito, tila ayaw pa ring paniwalaan ang sinasabi niya.

“Ano ba!” Pinagkrus niya ang dalawang braso sa dibdib. “Bakit parang ayaw mong maniwala? Wala ka talagang bilib sa talento at ganda ko, ’no?” himutok niya sa binata.

Palibhasa kahit kailan ay hindi ito naging sang-ayon sa pangarap niya. Ayaw nitong mag-artista siya. Mas gusto nitong magtrabaho siya bilang guro. Gugulo lang daw ang buhay niya sa pagpasok sa showbiz. Magkaganoon pa man, sinasamahan pa rin siya nito sa auditions niya o kaya ay sinusundo

siya pagkatapos niyon basta may oras ito kagaya na lamang ngayon.

“Naniniwala naman. Hindi ko lang lubos maisip na papasukin mo na talaga ang magulong mundo ng showbiz.”

“It has always been my dream, Radko. Kaya pwede bang maging masaya ka na lang din para sa 'kin?” pagpapaintindi niya rito. “Isa pa, matagal naman na akong pumasok sa mundo ng showbiz. Pa-back-up back-up nga lang ako noon. Pero ngayon sa wakas ay mabibigyan na yata ako ng malaki-laking role.”

“Ewan ko na lang talaga sa pangarap mong iyan. Tara na nga. Kumain na muna tayo't nagugutom na ako.” Hinatak siya nito sa braso at iginiya siya papunta sa sasakyan nito. Binuksan nito ang pinto niyon para sa kanya.

Kung gaano katindi ang kagustuhan ni Jade na mag-artista ay ganoon din katindi ang pag-ayaw nito roon. Ngunit kahit ganoon ay nanatili pa rin itong isang matalik na kaibigan sa kanya. At ngayon nga, kahit pa mukhang nalungkot ito sa *good news* niya, sinusubukan pa rin nitong maging supportive.

Gentleman si Conrad. He's also the kindest person

she'd met in her whole life. Matalino, matulungin, guwapo, macho...

Itigil mo na sa maginoo, Jade. Minamanyak mo na naman ang kaibigan mo, eh. Pambihira ka talaga! asik niya sa sarili.

“Saan mo ’ko ililibre?” paglalambing niya rito pagkasakay sa kotse nito.

“Saan mo ba gustong kumain?” Ganoon talaga ito, parati na lang ang gusto niya ang inuuna at sinusunod.

“Hmm... I really don’t have anything in mind at this time. Masyado akong pre-occupied sa pagkakatanggap sa ’kin kanina. Ikaw na lang muna ang bahala.”

Nagpakawala ito ng isang napakalalim na buntong-hininga saka pinaandar ang sasakyan.

Hindi na siya nagtaka na sa apartment nito ito dumerecho. Ipinagluto siya nito ng pork and chicken adobo na paboritong-paborito niya. Hindi siya kumakain niyon sa kahit saang restaurant at di na rin nakikipagkompetensya ang ina niyang si Mary kung alin ang mas masarap na adobo para sa kanya. Alam na nitong mabilis pa sa alas-kwatrong sasabihin niyang kay Conrad ang mas masarap na adobo.

“Hmm... Sarap!” aniya sa unang subo pa lang. “Grabe, ang sarap talaga ng adobo mo, Radko. Hinding-hindi ko ’to pagsasawaan.” Nakalarawan sa mukha niya ang kasiyahan sa niluto nito.

Matipid lang siyang nginitian nito at nagpatuloy ang binata sa pagkain nang nakayuko. Tila wala itong gana. Dahil kaya sa balita mula sa kanya? Pinilit niyang pagaanin ang ihip ng hangin.

“Kumusta nga pala ang trabaho kanina?” usisa niya rito.

Isa na itong arkitekto ngayon. Kasama ng dalawa pang kaibigan nito ay nagpatayo ang mga ito ng isang maliit na firm. Simple at medyo maliliit na proyekto pa lamang ang nakukuha ng mga ito. Ngunit sapat naman ang kita ng firm.

“Ayos lang naman. May dalawang kliyente kanina na pumunta sa opisina at hinihingi ang serbisyo namin.” Nagpatuloy ito sa pagkukuwento habang nakatanga siya rito.

Clean-cut ang buhok nito na bumagay sa bilugan nitong mukha. Medyo may kakapalan ang mga kilay nito ngunit maayos ang korte ng mga iyon kaya maganda pa ring tingnan. Ang mga mata nitong tila nangungusap ang siyang higit na nakakabighani

rito. Hindi lang yata magawang lumapit ng mga kababaihan dito dahil nakaharang na agad siya.

Balewala naman sa kaibigan ang ginagawa niyang iyon na ikinasisiya niya. Hindi rin ito iyong tipo na flirty sa mga babae. O baka wala pa lang siyang nahahalata na talagang natitipuhan nito kahit pa panay magaganda ang mga nagpapapansin dito.

Minsan ay biniro niya ito na baka bakla ito. Agad nitong pinasubalian iyon at sinabing isa lang daw kasi ang kinahuhumalingan nitong babae at iyon ay si Jessa Montecarlo.

Si Jessa Montecarlo ang pinakasikat yata na young actress sa ngayon. At tingin ni Jade, mas guwapong di hamak si Conrad kumpara kay Rico Morris na ka-loveteam ni Jessa.

Dumako sa ilong nito ang mga mata niya. Katamtaman ang tangos niyon. Pagkatapos ay sa mga labi nitong kaysarap yatang halikan.

Erase! Erase!

Jade, ano ba? 'Ayan ka na naman, eh! saway niya sa sarili. Mariin niyang ipinikit ang mga mata at marahang ipinilig ang ulo upang iwaksi ang malaswang itinatakbo ng utak niya.

“Bakit? Maalat ba?” tanong ng binata sa kanya.

“Ay naku, hindi! Ang sarap nga, eh. May naalala lang ako. Bukas kasi ako i-o-orient sa magiging role ko doon sa teleserye. Kasabay niyon ay may pipirmahan na rin daw akong kontrata. Kinabahan ako.”

Ilang sandali siyang tinitigan ng kaibigan. “Sigurado ka na ba talaga riyan sa papasukin mo, ha, Jade?” Nasa mga mata nito ang pag-aalala. Kunot na kunot din ang noo nito na tila ba kay laki ng pinoproblema nito.

Huminga siya nang malalim saka inabot ang kamay nitong nakapatong sa mesa at tinitigan ito sa mga mata. “Don’t worry, okay? I’ll be fine,” aniya upang pagaanin ang loob nito. “Hindi ako magkakalat. Gagalingan ko ang trabaho ko. Makikita mo’t magiging proud ka rin sa ’kin. Baka nga malagpasan ko pa iyang si Jessa sa kasikatan niya, eh. Just wait and see,” pagmamayabang pa niya.

“Si Jessa? Malalagpasan mo?” Umiling ito. “Tigil-tigilan mo nga iyang pananaginip mo, Jade. Ang layo na ng inaabot mo, o. Gising na hoy.” Tatawa-tawa ito.

Basta si Jessa ang pinag-uusapan ay saka lamang niya nararamdamang hindi siya priority sa buhay ni Conrad. Mas lalo lang tuloy lumalalim ang kagustuhan

niyang mahigitan ito. Gagawin niya talaga ang lahat malampasan lang si Jessa Montecarlo!

“Hello? Magka-level lang naman kami sa ganda, ah!” himutok niya. “At kapag nakita na ng mga tao ang galing ko sa pag-arte, pasasaan ba’t magkaka-level din kami niyang Jessa na iyan sa kasikatan. At pagkatapos, siyempre ay malalagpasan ko na siya!”

“Bago mo maabot iyong kasikatan niya, magpapapalit-palit ka muna ng ka-loveteam hanggang sa mahanap nila ang pinaka-nababagay sa ’yo. Okay lang ba iyon sa ’yo?” Tila sinusukat nito ang hangganan ng mga kaya niyang gawin para sa pangarap niya.

“Gagawin ko lahat, Radko. Lahat.” May diin sa huling salitang binitiwang niya.

“Ewan ko sa ’yo.” Padabog itong tumayo, hinatak ang plato niya at dinala ang mga pinagkainan nila sa lababo.

“Hoy, teka! Di pa ako tapos, ah!” reklamo niya.

2

“Kaya mo iyan! Ano ka ba? Aayaw ka pa ba talaga, eh, ang guwapo-guwapo n’ung makaka-smack mo, o!” pangungumbinsi sa kanya ni Martha, ang bakla niyang kaibigan/PA na sobra-sobra ang suporta sa pag-aartista niya.

Si Martha ang palaging karay-karay ni Jade sa auditions kung wala lang din itong ibang pinagkakaabalahan.

“Eh, kasi naman... Bakit kasi may kissing scene agad?” nanunulis ang ngusong himutok niya. “Unang linggo pa lang ng shooting, may kissing scene na agad?” Nakaupo sila sa sofa sa ibaba ng building ng istasyon.

Pauwi na sila at hinihintay na lamang nila si Conrad upang sunduin sila. Tumawag kasi ito sa kanya at sinabing tapos na ang trabaho nito sa araw na iyon.

“Ayaw mo n’un? Ibig sabihin pinagkakatiwalaan ka nila kasi isasabak ka agad sa giyera. At saka teka nga, ano ba ang inaayaw-ayaw mo rian, eh, ang guwapo-guwapo ni Jay! Kahit sino yatang artista

bibigay d'un, 'no!"

“Eh, kasi nga first kiss ko iyon kung saka-sakali!”

“Anong first kiss?” Nakasimangot na bungad ni Conrad. Dumating na pala ito at iyon ang inabutan nitong pinag-uusapan nila ni Martha.

Pinamulahan tuloy siya ng mukha. Bago niya ito sagutin ay nagpatiuna na siyang maglakad sa mga ito patungo sa sasakyan ng binata. Nang makasakay na silang tatlo ay binalingan ulit siya ni Conrad.

“Ano iyong narinig ko kanina?”

“Can we go straight to your apartment? Ipagtimpla mo 'ko ng malamig na malamig na juice at baka-sakaling makapag-isip ako ng tama. Doon mo na rin ako usisain ulit tungkol sa narinig mo. Please?” paglalambing niya rito. Gulung-gulo pa rin ang isip niya.

Agad nagpahinuhod ang binata. Ganoon naman ito parati, kapag nilalambing na niya ay hindi na nakakahindi.

“Here.” Iniabot ni Conrad sa kanila ni Martha ng dalawang nagpapawis sa lamig na baso ng paborito niyang mango juice nang makarating na sila sa apartment nito. “So, ano iyong narinig ko kanina?”

“Hay naku! Itong best friend mo kasi nag-iinarte. May kissing scene kasi siya na mangyayari this week sa taping nila.”

“Ano?!” Marahas na napatayo si Conrad mula sa pagkakaupo nito. Kitang-kita ang pagkabigla sa mukha nito. “At pumayag ka naman?” sita nito nang bumaling sa kanya.

“Iyon nga ang pinoproblema ko, eh. Hindi ko naman inaasahang isasalang nila ako agad sa ganoong eksena.”

“Sinasabi ko na nga ba’t hindi maganda ang idudulot sa ’yo ng pangarap mong iyan, eh. Huwag mo na kasing ituloy iyan.”

“Hello? As if hindi siya pwedeng kasuhan ng breach of contract sakaling gawin niya iyang sinasabi mo, Conrad, ’no? At saka, ano ba’ng problema ninyong dalawa? Smack lang naman daw, Jade, di ba? Kering-keri na iyon, ’no!”

“Eh, first kiss ko nga kasi iyon if ever!” giit ni Jade.

“And so?” maarteng tanong ng baklang nakatikwas ang mga kilay.

“Siyempre, gusto ko sanang ibigay sa taong

espesyal sa 'kin ang unang halik ko at hindi sa kung sinong artista lang. Kahit naman gaano katindi ang kagustuhan kong maging artista, may mga bagay pa rin akong pinakaiingatan at hindi basta-basta isasakripisyo, 'no."

Totoo naman ang sinabi niyang iyon. She was reserving her first kiss for her supposed to be first boyfriend. Kaso paano na ngayon? Wala pa siyang boyfriend at sa loob ng linggong ito na gagawin ang kissing scene na iyon!

"May naiisip na akong solusyon sa pagiging sentimental mo sa unang halik mong iyan," ani Martha na punong-puno ng kapilyahan ang mga mata.

Ganoon pa man ay nakuha nito ang buong atensyon niya. "Ano?" panabay na bulalas nila ni Conrad dito.

"Namomroblema ka kasi wala kang boyfriend, di ba?" tanong ni Martha kay Jade.

Nagkibit-balikat lang siya. Hindi iyon ang pinoproblema niya exactly.

"Sabi mo, gusto mong ibigay sa taong espesyal sa 'yo ang una mong halik," dagdag pa ni Martha habang magkakrus ang mga braso sa harapan nito.

“Oo nga. Puwede ba deretsuhin mo na lang ang sasabihin mo?” Nababagot na siya.

“O, eh di ibigay mo kay Conrad! Tatal naman ay pareho kayong walang karelasyon. Espesyal naman kayong dalawa para sa isa’t isa, di ba? *Voila!* Problem-solved!” proud na proud pang pahayag nito na tila ba napakaismarte ng naisip na solusyon.

“Ano?” bulalas ni Conrad na biglang namutla.

“Oo, ikaw,” ani Martha nang bumaling dito.

“Teka, teka. Hindi naman nakakatulong sa sitwasyon iyang naisip mo, Martha.” Tumingin si Conrad sa kanya pagkatapos. “Bakit kasi hindi ka na lang umayaw diyan, Jade? Puwede pa naman iyan, eh. Hanapan natin ng butas iyong kontrata mo.”

“Hindi ba unprofessional iyon? At malinaw rin kasing nakasaad doon na may mga pagkakataong hihingin na magkaroon ng kissing scene. Ang siniguro ko lang kasi ay basta hindi ako maghuhubad at walang bed scene. Ibig sabihin hindi ganoon kagarapal. At napirmahan ko na.” Nagsimula nang uminit ang ulo niya kay Conrad dahil sa reaksyon nito sa ideya ni Martha.

“Bakit ka kasi basta pumirma?” Konting-konti na lang at maglalabasan na ang mga litid ni Conrad

sa leeg.

Nainis lang tuloy lalo si Jade dito.

“Eh, kasi nga, sa sobrang saya ko kaya hindi ko na masyadong napagtuunan ng pansin ang kontrata! At saka nandito na 'to, puwede ba? Wala na akong choice!”

“Hay naku, ang gulo ninyong dalawa. Bakit kasi di n'yo na lang gawin iyong suhestyon ko?” Si Martha ulit.

Tiningnan ni Jade si Conrad na napaigtad pa sa pagbaling niya rito.

“Ano?” Nanlalaki ang mga matang tanong nito.

“Bakit pakiramdam ko, eh, diring-diri ka sa idea ni Martha, ha, Conrad?” nanliliit ang mga matang tanong niya rito. Kapag galit na siya rito ay tinatawag na niya ito sa tunay nitong pangalan.

“Jade, hindi ako nandidiri, okay? Kaya lang, hindi naman kasi talaga tamang solusyon iyang naisip ni Martha, eh,” paliwanag nito na tila sinusubukang palamigin ang ulo niya. Alam din kasi nitong kapag tinatawag na niya ito sa pangalan nito ay wala na siya sa mood.

“Guys, excuse me lang, ha?” pagitna ni Martha

sa kanila saka lumayo at sinagot ang tawag nito sa cellphone.

“Bakit namumutla ka?” pang-iinteroga ni Jade kay Conrad.

“I’m just uncomfortable with the idea. Isa pa, pagkatapos, ano’ng mangyayari? Magpapahalik ka pa rin naman sa kung sinong Poncio Pilato! It wouldn’t solve the problem.”

“Smack lang iyon. At handa naman ako sa mga ganoong pangyayari. Ang hindi ko lang napaghandaan ay iyong mangyari iyon nang wala pa man lang akong nagiging first kiss. Wala akong boyfriend dahil ikaw lang naman parati ang kasa-kasama ko. You’re that special to me kaya hindi na ako nagkakaroon ng oras para makipag-boyfriend pa. Pagkatapos, ano, ’ayan ka at tila diring-diri ka sa isiping ikaw ang magiging first kiss ko.” May diin ang bawat salitang binitiwang niya upang maipaabot ang sama ng loob niya rito.

“Hindi nga ako nandidiri, okay?” Malumanay na ang tono nito. Lumapit pa ito sa kanya pagkatapos.

“Guys, I have to go. Hahabulin ko pa ang date ko. Kayong dalawa, magbati na kayo. Kitang-kita namang gustong-gusto n’yo iyong ideya ko, eh. Ayaw n’yo lang magsiamin.” Lumabas na si Martha at iniwan sila.

“Alam mo, mabuti pa umalis na rin ako. Uuwi na lang ako at aaralin ko pa iyong script ko bukas.” Tinalikuran na ni Jade si Conrad ngunit maagap siya nitong napigilan sa braso.

“Jade, huwag namang ganito. Alam mo namang ayaw na ayaw kong naghiiwalay tayo nang hindi magkasundo, di ba?”

Nakaugalian na nilang huwag paabutin ng umaga ang pag-aaway o tampuhan nila. Kaya hindi talaga sila naghiiwalay na magkaaway. Napahinga siya nang malalim. Ayaw rin naman niyang umalis nang may samaan sila ng loob.

“Okay, sige na. Ihatid mo na lang ako.”

“Hindi pa tayo okay. Tingnan mo nga iyang mukha mo, o? Nakabusangot pa rin.” Hinawakan pa nito ang baba niya upang iharap ang mukha niya rito.

“Sino naman ang sasaya kung malalaman niyang iyong taong akala niya ay number one fan niya sa lahat ng bagay, eh, nandidiri pala sa kanya?”

“Hindi nga sabi ako nandidiri sa ’yo. Ilang beses ko bang uulitin iyan?” tila bata ang kausap na giit nito. Parang napapagod na rin ito at nafu-frustrate sa diskusyon nila.

“Puwes, hindi halata sa hitsura mo,” wala pa ring ganang tugon niya. Talagang nasaktan ang pride ni Jade sa hayagang pag-ayaw nito sa ideyang halikan siya.

Bumagsak ang mga balikat nito. “Ano ba ang gusto mong gawin ko para maniwala ka sa sinasabi ko?”

Nag-angat siya ng mukha rito. Nais niyang sabihin ditong, “Patunayan mo!” Pero wala na siyang lakas upang makipagtuos pa sa kaibigan. Masyado nang naapakan ang pride niya at talagang nanghihina siya.

Wala na talaga siyang magagawa. Pinasok niya ang trabahong pangarap niya at wala siyang ibang maaaring sisihin sa mga nangyayari.

At tama si Martha, smack lang ang kissing scene na gagawin ko, pang-aalo na lamang niya sa sarili.

Ganoon talaga ang buhay. Hindi lahat ay makukuha mo sa paraang gusto mo. Minsan kailangan talagang may isakripisyo.

“Thatid mo na lang ako. Pagod na talaga ako,” sabi niyang nakayuko. Nang lumipas ang ilang saglit na hindi pa rin kumikilos ang kaibigan ay nag-angat na siya ng tingin dito.

Naabutan niya itong nakatitig sa kanya. Bahagyang umangat ang dalawang kilay niya tanda ng pagtataka sa iniaakto nito. Hindi ito nagsalita at sa halip ay dahan-dahan siya nitong hinatak palapit dito.

“Ano’ng ginagawa mo?”

Hindi pa rin ito sumagot at hinapit pa siya nito sa baywang. Nagdikit ang katawan nila ngunit inilayo niya ang mukha rito.

“Conrad, ano’ng ginagawa mo?” naguguluhang tanong niya.

“Hindi ko gusto iyang tawag mo sa ‘kin,” seryosong sagot nito nang nakatingin sa kanyang mga mata.

“Ano ba kasi ’tong ginagawa mo’t nakahawak ka pa sa baywang ko?”

“Hahalikan ka.” Kay-ikli ng sinabi nitong iyon ngunit mahabang sandali ng katahimikan ang namagitan sa kanila dahil doon.

Naging masasal ang pagtibok ng puso ni Jade dahil sa kaba.

“Conrad, hindi mo kailangang gawin kung—” Hindi na niya naituloy ang sasabihin dahil hinagkan

na siya ng binata sa pisngi.

Paminsan-minsan ay ginagawa naman talaga iyon ni Conrad sa kanya ngunit iba ngayon dahil kay lapit sa gilid ng labi niya ng halik na iginawad nito. Animo nagsitayuan ang balahibo sa batok ni Jade nang maramdaman ang mga labi nitong halos dumikit na sa gilid ng bibig niya. Hindi tuloy siya nakakilos dahil sa pagkabigla. Idagdag pa ang pagkakadikit ng katawan nila.

Madalas naman silang magkayakapan ngunit hindi sa paraang nakakailang. Kung anu-ano'ng tinatakbo ng isip niya.

“Naestatwa ka na riyang samantalang sa pisngi lang naman iyon,” sabi nito na tila nagbibiro, salungat sa hitsura nitong seryosong-seryoso. Nanunuot sa kalamnan niya ang mga titig nito.

“Look, okay na iyon. Tanggap ko na ang mangyayari sa linggong 'to. Pinasok ko ito at kagaya nga ng sinabi ko sa 'yo noong huli, gagawin ko lahat para sa pangarap kong 'to. At paninindigan ko iyon, Con—”

Hinalikan na naman siya ng binata ngunit hindi kagaya kanina, ngayon ay talagang lumapat na sa kalahati ng kanyang mga labi ang halik nito. Ilang

segundo siyang napatanga nang dahil doon. Napatitig lamang siya rito pagkatapos. Palipat-lipat ang mga mata niya sa mga mata nito't mga labi. Panay ang paglunok niya. Ramdam na ramdam pa rin kasi niya ang malalambot nitong labi.

“O, ba't ganyan ka makatingin? Huwag mong sabihing galit ka? Kani-kanina lang ay galit ka sa 'kin at inaakusahan mo pa akong nandidiri sa'yo. Pagkatapos ngayon—”

“So, hindi ka nga nandidiri...” wala sa loob na sabi niya.

“Bakit ako mandidiri? You're my best friend. Kahit pa magpalit tayo ng toothbrush okay lang sa akin.”

Bahagya siyang natawa sa sinabi nito. Tawang mayamaya ay naging halakhak.

“Baliw ka talaga. Kadiri naman iyang iniisip mo, 'no!” wika pa niya.

“Tingnan mo 'tong babaeng 'to. Ikaw pala itong nandidiri riyan, eh,” angil nito.

Tumawa pa siyang lalo. “Ibang level naman kasi iyong magpalitan ng toothbrush, 'no!”

“Ah, gan'on?” Nangingkit ang mga mata nito.

“O, siya sige na, hindi ka na nandidiring halikan ako. Naniniwala na po ako. Kaya sige na, ihatid mo na ako—” Babaklasin na ni Jade ang mga braso ng binatang nakahapit sa baywang, ngunit kinabig nitong palapit ang buong katawan niya nang hindi nilulubayan ng tingin ang kanyang mga labi. Dahan-dahan itong yumuko hanggang sa sobrang lapit na ng mukha nila sa isa’t isa.

Nararamdaman na ni Jade ang pagdampi ng hininga nito sa kanyang pisngi. Ang kaninang masasal na pagtibok ng kanyang puso ay palakas na nang palakas.

“Radko...” anas niya.

Nagkalambong ang mga mata ng binata nang marinig nito ang pagtawag niya sa pangalan nito.

“O-okay na. Hindi na ako nagtatampo sa ’yo,” patuloy niya. “Hindi mo na talaga kailangang—”

“Sana’y huwag mong makalimutan ang unang halik mong ito,” sabi ni Conrad bago tuluyang sinakop ang mga labi niya.

Kusa namang pumikit ang namimigat na talukap ng mga mata niya nang maramdaman ang kay-init nitong mga labi. Ang lambot din. Tila hinihikayat siya nitong gayahin ang ginagawa nitong pag-angkin sa

mga labi niya.

She opened her mouth and let him claim her lips fully. Parang naliliyo siya nang mga sandaling iyon. Napakapit siya sa leeg nito at doon umamot ng lakas na tila tumakas mula sa mga kalamnan niya. Parang iniwan siya sa desyerto nang ilang araw na walang tubig sa sobrang uhaw na nararamdaman niya nang mga sandaling iyon. At tila sa mga labi ni Conrad naroon ang inuming papawi roon. Ngunit nang mas ilapit pa niya ang katawan dito ay saka naman ito dahan-dahang tumigil sa paghalik sa kanya at pinakatitigan siya.

“Ihahatid na kita sa inyo,” tanging sabi nito kahit pa nangungusap ng sari-saring emosyon ang mga mata nito.

Hindi na niya ito pinilit pang kausapin tungkol sa namagitan sa kanila. Kailangan pa ba? Ginawa lang naman nito ang suhestyon ni Martha, di ba?

But, why did it feel so special? tanong niya sa sarili.

Jade, malamang naninibago ka kasi unang halik mo iyon. Don't think too much. Siya na rin ang sumagot sa tanong niya.

Hindi niya maitatangi na minsan sa buhay

niya ay nagkagusto siya sa kanyang kaibigan. Kaya lang, kahit kailan ay di ito nagpahiwatig ng ibang nararamdaman sa kanya. Kaya bago mag-graduate sa college ay napagdesisyonan niyang itigil na ang pag-iilusyong magiging sila. Okay na sa kanyang magkaibigan lang sila. Isa pa, wala naman siyang kaagaw sa atensyon nito. *O wala pa.*

Pero nang halikan siya nito, bakit tila nabuhay ang matagal na niyang kinalimutang damdamin para rito?

“Susunduin kita bukas, okay? I-text mo lang sa akin ang location n’yo at kung anong oras kayo matatapos,” bilin nito nang maihatid siya.

“Sige. See you tomorrow, Radko!” Pinilit niyang pasiglahin ang tinig upang itago rito ang kalituhan sa puso’t isipan niya.

“Huwag kang masyadong magpuyat, okay? Kapag ikaw nakita kong naka-drawing na riyan sa mukha mo ang stress at pressure, talagang ikukulong kita’t hindi kita papapasukin diyan sa trabaho mo. Naiintindihan mo?”

Napangiti siya rito. “Kaya ako hindi naghahanap ng boyfriend, eh. Sa ’yo pa lang kotang-kota na ako sa tamis,” tudyo na lamang niya rito upang

pagaanin ang tensyong nararamdaman. “Ingat ka sa pagmamaneho, Radko. Text me when you’re home, okay?”

“Okay. Pasok ka na.”

Papasok na siya sa gate nila nang lumingon siya rito.

“Radko...”

“Yes?” Nakatayo pa rin ang lalaki sa tabi ng kotse nito.

“Thank you, ha? Thank you for helping me out with my concern.”

“I should be the one to thank you. Salamat sa pagtitiwala sa akin ng isa sa mga pinakaimportanteng *una* sa buhay mo.”

Nagkasya na lamang siya sa pagngiti rito kahit ang totoo ay nais niyang sagutin ito na nararapat lang na ito ang maging *una* niyang halik dahil dito rin unang tumibok ang kanyang puso.

“O siya, uwi ka na. Ingat!”

Isang matamis na ngiti rin ang itinugon nito bago tuluyang sumakay ng kotse.

3

Hindi mawala sa isip ni Conrad ang ngiti ni Jade habang nagmamaneho pauwi. He had always been mesmerized by her smile. Kapag ngumingiti ito ay gumagaan ang pakiramdam niya. Gumaganda ang araw niya at nagiging madali ang mahirap. Kapag naglalambing naman ito, kahit anong tigas pa ng pag-ayaw niya sa simula ay nababalewala sa huli. Kusang tumitiklop ang puso niya kapag may kinalaman na kay Jade.

Nakilala niya ito noong nasa high school siya. Unang kita pa lang niya rito ay nabighani na agad siya. Ang ganda-ganda kasi nito. Iyong tipo ng ganda na hindi maaaring hindi bigyan ng pangalawang tingin ng makakakita rito. At bukod pa sa panlabas na kagandahan ay mabuti rin ang puso nito na lalong nagpahulog ng loob niya rito.

Matagal na itong itinatangi ng puso niya. Sa ilang taon na nilang pagkakaibigan ay kinahiyaan na niyang magtapat ng nararamdaman dito. Siguro dahil naaalangan siya sa taas ng pangarap nito. At batid niyang magiging sagabal siya rito kung magtatapat siya. Pakiramdam niya kasi ay hindi niya hahayaan

ang sarili na magkaroon ng nobyang artista. Tingin niya ay masyado siyang seloso para payagan ang mahal niya na makipagtambalan sa kung kani-kanino. Nagagalit siya sa isiping madidikit ito sa kung sino-sinong artistang lalaki. At kung noon ay kinakatakutan lang niya iyon, ngayong natutupad na ang pangarap nito ay hindi niya alam kung paano iyon pakikitunguhan.

Nagsimula na nga agad ang problemang hatid ng pangarap nito. Nang maalala ang nangyari kanina ay malapad siyang napangiti. Ni sa hinagap ay hindi niya inakalang matitikman ang mga labi nitong kaytamis at kaylambot.

Kontento na kasi siya sa pagiging possessive ng dalaga sa kanya. Sa mga paglalambing nito at sa pag-aktong tila nobya niya ito. Kontento na siya sa mga pagkakataong nararamdaman niyang espesyal siya rito. Na hindi siya basta kaibigan lang nito. Kanina nang maramdaman niya ang mga labi nito, para siyang dinala sa langit.

Ganoon pala ang pakiramdam. Parang sasabog ang puso niya sa sobrang lakas ng pagkabog niyon dahil sa ligaya. Hindi alam ni Conrad kung saan nanggaling ang lakas na nagpatigil sa kanya sa paghalik dito. Marahil ay dahil iyon sa sobra-sobrang

respeto niya kay Jade. Ayaw niyang maisip man lang nito na nagti-take advantage siya rito. Kaya nang maramdaman niyang tila malapit na siyang mawala sa sariling katinuan dahil sa init ng kanilang halik ay kusa na niyang inilayo ang sarili rito.

Turo sa kanya ng ina niya na ang mga babae ay dapat na irespeto. Kesehoda raw kung ano ang suot ng mga ito o pag-uugali. Sa madaling salita, ang pagrespeto sa mga babae ay hindi dapat nakabase sa ikinikilos ng mga ito kundi sa mismong kakayahan ng mga lalaki na rumespeto.

Inabot ni Conrad ang cellphone niya nang makarating sa bahay at tinawagan ang dalaga.

“I’m home,” sabi niya rito.

“Mabuti naman. O sige na, pahinga ka na riyan. Kita na lang tayo bukas, okay?”

“Okay. Ikaw ba matutulog na?”

“Nope. May aaralin pa akong script, eh.”

“Ire-review ko muna iyong blueprint na ibinigay sa akin ni Arnold kanina,” tukoy niya sa isang kasosyo niya sa firm.

“Hindi ka pa ba napapagod?”

Lumobo ang puso ni Conrad sa pag-aalala sa tinig nito. Ganoon talaga ang dalaga. Kahit spoiled ito sa kanya ay bawing-bawi na ito sa pagpapasaya sa kanya. Kagaya na lamang ng pagiging maalalahanin nito.

“Kaya ko pa naman. I-text mo na lang ako kapag matutulog ka na, okay?”

“You’re the sweetest!” animo kinikilig nitong sabi sa kabilang linya.

Napangiti na lang siya.

He loved listening to the sound of her voice...

“Hey, I didn’t know that you can kiss that way. I mean, you haven’t had a girlfriend, right? O may nakalusot ba sa akin nang hindi ko namamalayan?”

Natawa si Conrad sa tanong nito. Na-imagine niyang nanliliit ang mga mata nito habang nagsasalita.

“Loko ka talaga. Siyempre wala. Para kang tigre kung makabakod, eh. Sobra ka pa sa asawa. Pasalamat ka’t kay Jessa lang din nakatutok ang mga mata ko kaya okay lang sa akin iyang pagbabantay mo.”

“Ah, gano’n?”

“O, magtatampo ka na naman. Sige na, aralin mo na iyang script mo. Ibababa ko na ’to, ha?” Hindi ito umimik. “Huwag ka nang magtampo. Alam mo namang biro lang iyong sinabi ko kanina. Ito naman, di na mabiro.”

“Si Jessa? Biro? Eh, totoo namang high na high ka d’on!” Halatang naiinis ito nang sobra.

Natawa tuloy siya. “Oo nga, pero artista iyon. Cannot be reached, kumbaga. Kaya ’wag ka nang magselos.” Ayaw niyang sumama ang loob nito sa kanya.

Isa pa ay napakalaki niyang ipokrito kung hindi niya aaminging nasisiyahan siya sa tuwing tila pinagseselosan nito ang mga babaeng umaaligid sa kanya kahit pa ang artistang si Jessa Montecarlo. Nagseselos lang naman ito dahil siya ang pinakamalapit na lalaki rito... sa ngayon. Alam niyang kapag dumating na ang panahong may nagpaibig na kay Jade ay pagtatawanan na lang nito ang ganitong mga pagkakataon. Habang hindi pa dumarating ang panahong iyon ay susulitin na niya ang ganitong mga pagkakataon.

“Artista na rin naman ako, ah!” hiyaw pa nito.

“Oo nga, pero siyempre hindi na mabubura ng

pagiging artista mo ang mahaba nating pinagsamahan. Kita mo nga't hinahayaan lang kitang umastang asawa. Aba, bihira sa matalik na magkaibigan iyang ganyan, ha?"

"Ewan ko sa 'yo. Bye na."

"Hindi ka na nagtatampo?"

"Hindi na."

"Ba't ang ikli pa rin ng sagot mo?" medyo duda pa ring pangungulit niya rito.

"Okay na nga. Kulit mo talaga, Radko, kahit kailan."

"Ayan! Mas kampante na ako ngayon at nabanggit mo nang pangalan ko. Bye, Jade."

"Bye, Radko."

Kinabukasan, maagang gumising si Conrad upang sunduin si Jade sa bahay nito at nang maihatid niya ito sa location ng shooting sa araw na iyon. Ang usapan nila ay susunduin niya lang ito sa location kapag tapos na ang shooting nito ngunit nangangati na siyang makitang muli ang dalaga. Sumisiksik sa isipan niya ang pinagsaluhan nilang halik kagabi.

“O, hijo, ang aga mo, ah! Hindi ba nabanggit sa ’yo ni Jade na may shooting siya ngayon?” bungad sa kanya ng ina ni Jade, si Tita Mary Jane, nang mapagbuksan siya nito ng pinto.

Nagmano muna siya rito. “Kaya nga po ako nandito, Tita. Sinusundo ko po si Jade para maihatid doon.”

“Radko!”

Napatingin si Conrad sa dalaga na kalalabas lang ng kuwarto. Bumilis ang tibok ng puso niya nang masilayan ito.

Napakapresko ng hitsura nito sa suot na floral shorts, halter blouse at white sneakers. Light lang ang makeup nito. Lip tint at blush on lang yata ang inilagay nito. Di nakakasawang tingnan ang maliit nitong mukha. Malalantik ang pilik-mata nito. Hindi kataka-takang nakuha itong artista.

“Ba’t nandito ka?” bahagyang kunot ang noong tanong nito sa kanya.

“Ihahatid kita sa location ng shooting n’yo.” Saglit siyang nawala sa huwisyo nang madaanan ng mga mata niya ang mga labi nito. Parang biglang uminit ang pakiramdam niya kahit umagang-umaga pa.

“Talaga? Paano ang trabaho mo? At saka ang sabi mo lang kagabi, susunduin mo ako pauwi.” Lumapit sa kanya ang dalaga at umabrisiete sa kanyang braso. “Radko, baka naman masyado na akong nakakaistorbo sa trabaho mo. Masyado mo akong ini-spoil, eh. Pagkatapos, ano? Magrereklamo ka na ang spoiled-spoiled ko? Eh, ikaw naman ang may gawa.”

“So, okay ka na? Sige, dederecho na lang ako sa trabaho. Sige po, Tita, alis na po ako.” Mabilis na nahatak ni Jade ang hawak pa nitong braso niya.

“Oy, teka lang naman!” busangot ang mukhang pigil nito sa kanya.

Pinanlakihan niya ito ng mga mata. “Ano? Akala ko ba okay lang na hindi na kita ihatid ngayon?”

Lumabi ito. “Sinabi ko lang iyon para ipaabot sa ’yo na hindi mo ito kailangang gawin dahil naiintindihan kong may trabaho ka rin. Kaya lang, siyempre, nandito ka na rin lang, eh di ihatid mo na nga ako. Sayang naman ang paggising mo nang maaga.”

Nagkamot siya ng batok. “Ang gulo ng utak nitong anak n’yo, Tita. Pinag-almusal na po ba ninyo ito?”

Natawa sa kanila ang ina nito. “Hay naku, ewan ko sa inyong dalawa. Ang mabuti pa’y mag-agahan na muna kayo rito. Halina kayo sa kusina.”

“Ma, hindi na po. Kailangang maaga po akong makarating sa location. Alam n’yo naman, baguhan. Kailangan ko pong magpa-good shot.”

“Ganoon ba? Pero maaga pa naman, ah. Baka magutuman ka niyan, anak, ha? Naku, hindi kita pinayagan sa pangarap mong iyan para lang magka-ulcer ka.”

“Huwag na po kayong mag-alala, Tita. Magda-drive-thru na lang po kami,” ani Conrad dito upang hindi na ito mag-alala pa.

“Oo nga naman, Ma. Don’t worry, okay?” Inabot ng dalaga ang kamay ng ina. “I’ll take care of myself. Saka hindi rin ako pababayaang ni Radko.” Bumaling ito sa kanya.

“As if naman may choice ako.”

“Ikaw!” Kinurot siya nito sa tagiliran na ikinaigik niya. “Ang dami mong satsat.”

“O siya, sige na nga. Lumakad na kayo at nang hindi rin ma-late nang sobra itong si Conrad sa trabaho niya.”

Nagpaalam na silang dalawa rito.

“Saan mo gustong mag-drive-thru?” tanong niya sa dalaga nang nasa daan na sila.

“Sigurado ka bang okay lang na ma-late ka sa trabaho mo ngayon?” nag-aalalang tanong ni Jade sa halip na sagutin ang tanong niya.

Umangat ang isang sulok ng mga labi niya sa pagkakangiti. “Wala ngang problema. Mamayang after lunch pa ang isang meeting ko. Hindi ako nagpapabaya sa trabaho ko kahit pa may spoiled akong best friend.”

Naningkit ang mga mata nito. “Kanina ka pa, ha.”

Pinagtawanan lang niya ito. “Ano na? Saan tayo magda-drive-thru?”

“Hmm... *McDonald's*.”

Sa *McDonalds* nga sila um-order ng pagkain. Si Conrad na ang nagbigay ng order sa attendant nang hindi na tinatanong pa ang dalaga kung ano ang gusto nito. Kabisado na niya ang mga gusto nitong pagkain sa halos lahat ng fastfood chain o restaurant na madalas nilang puntahan. Mapa-aghan, tanghalian, merienda o hapunan man. Kahit pa nga midnight snacks, kapag naisipan nito biglang

magyaya, kabisado na rin niya ang gusto nito.

Agad nitong inabot ang kapeng ibinigay niya rito.

“O, dahan-dahan, mainit iyan. At saka umaandar ang sasakyan. Napaka-disgrasyada mo pa naman.”

“Alam mo, ikaw, kanina ka pa nambubuska, ha! Hindi ka ba nakatulog nang maigi kagabi at ako ang pinag-iinitan mo ngayon?”

Saglit siyang natahimik dahil may katotohanan ang sinabi nito. Paano siya makakatulog agad gayong halos buong magdamag na nagre-replay sa utak niya ang pinagsaluhan nilang halik?

“So... Hindi ka nga nakatulog agad,” nanunuksong dagdag nito.

Nag-init ang mga tainga niya sa kahihiyan.

“Were you thinking about our kiss? Sabi ko naman kasi sa 'yo kagabi, hindi mo na kailangang gawin pero mapilit ka pa rin. 'Ayan tuloy, hindi ka nakatulog nang maayos.”

“Eh, ikaw, parang ang sarap ng tulog mo, ah. Siguro pinanaginipan mo iyong masarap kong halik, ano?” balik tudyo niya rito at nakitang pinamulahan ito ng mga pisngi. Napangisi siya.

“Conceited pig!”

Ang ngisi ni Conrad ay nauwi sa halakhak. Samantala, pinaghahampas siya nito sa braso.

“Tumigil ka nga. Nagmamaneho ang tao, o,” saway niya rito. “Matuto kang magkaroon ng *delicadeza*. Kung makapagsalita ka riyan para bang kumain lang tayo ng chichirya kagabi.”

“Kailangan kong masanay, ’no. Alam mo namang artista na ako ngayon. Balewala na iyang mga halik-halik na iyan sa propesyon ko.”

Bigla siyang sumeryoso. Hindi niya nagustuhan ang sinabi nito.

“Jade, sinasabi ko sa ’yo, kapag ikaw naging masyadong bulgar dahil lang sa pag-aartista mong iyan, kikiidnapin kita at hindi na ipapakita pang muli sa kanila. Wala na rin silang hahabulin pa na breach of contract na ipinag-aalala mo,” tiim-bagang niyang sabi.

“Parang magandang plot sa serye iyan, ah! Sasabihin ko iyan mamaya sa scriptwriter namin. Baka pasalamat na niya pa ako!”

“Ewan ko sa ’yo,” nabubugnot na saad niya.